



Pinahaba ang pagkansela ng mga festival at event sa Lungsod ng Brampton hanggang Setyembre 7, bilang tugon sa COVID-19

BRAMPTON, ON (July 21, 2020) –Ang lahat ng mga permit sa festival, event, mga performance at mga event ng komunidad sa mga pasilidad ng Lungsod at mga performing arts centre kabilang ang The Rose, ay kinansela hanggang sa Labour Day sa Setyembre 7, 2020, bilang tugon sa COVID-19. Ang pinahabang pagkansela na ito ay may gabay mula sa Brampton Emergency Management Office, Peel Public Health, at kaayon sa mga kalapit na munisipalidad.

Committed ang Lungsod sa pakikipagtulungan sa mga event organizer at mga kliyente ng paupahan para pababaan ang mga epekto ng mga pagkanselang ito at para matukoy ang potensyal na mga petsa sa hinaharap na naaayon sa Peel Public Health. Walang ikukunsiderang mga bagong booking sa event hanggang may dagdag na tagubilin sa malalaking mga pagtitipon mula sa Pamahalaan ng Ontario at Peel Public Health.

Ang City Hall at karamihan ng iba pang mga pasilidad ng Lungsod ng Brampton, kabilang ang Recreation at Community Centres at mga sangay ng Brampton Library, ay mananatiling sarado hanggang sa karagdagang abiso para makatulong sa pagpigil ng pagkalat ng COVID-19.

Para sa pinakahuling mga update tungkol sa tugon ng Lungsod ng Brampton sa COVID-19, bisitahin ang www.brampton.ca/covid19.

-30-

KONTAK NG MEDIA

Monika Duggal
Coordinator, Media at Pakikilahok sa Komunidad
Strategic na Komunikasyon
Lungsod ng Brampton
905-874-3426 | Monika.Duggal@brampton.ca